`

# MGA DAHILAN BAKIT PINAPAYAGAN NG DIYOS ANG PAGHIHIRAP

**A Lord's Flock General Assembly Topic**

Ni: Bro. Bobby Rodriguez, Elder-Founder

Enero 14, 2023

Bakit pinapayagan ng Diyos ang paghihirap? Maski nararanasan natin ang kabutihan ng Diyos nagtatanong pa rin tayo bakit may paghihirap. Ang paghihirap ay pagdanas ng subok. Sa oras ng paghihirap nagtatanong tayo sa Diyos. "Panginoon bakit po?" Ipinararanas ng Diyos sa atin ang kahirapan, ngunit buong awa Niya tayong inihahanda; nakiki-isa Siya sa bawat paghihirap. Magpakatatag tayo sa gitna ng ating paghihirap, dahil napagtagumpayan na ni Hesus ang sanlibutan (Juan 16:33) at lagi natin Siyang kasama.

**1.Paano tayo makipagkasundo sa Diyos na nagpakita ng Kanyang kabutihan sa kabila ng sakit at paghihirap (Isaias 4:6)?**

1.1.Dumating ang Diyos upang sumampalataya tayo sa Kanya at bigyan tayo ng buhay na walang hanggan (Juan 3:16).

1.2. "Ako lamang ang nakakaalam ng mga panukalang inihanda ko para sa ikabubuti ninyo, at para dulutan kayo ng pag-asa sa hinaharap (Jer.29:11)."

1.3. "Naparito ako upang magkaroon kayo ng buhay na ganap at kasiya- siya" (Juan 10:10).

1.4. "Ipinadama ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Kristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa" (Roma 5:8).

1.5. "Huwag ninyong pagtakhan at ituring na di pangkaraniwan ang mabigat na pagsubok na inyong dinaranas" (1 Pd.4:12).

1.6. "Magdaranas muna tayo ng maraming kapighatian bago makapasok sa kaharian ng Diyos" (Gawa 14:22).

**2. Pitong (7) Makapangyarihang Biblikal na Talata bakit pinapayagan ng Diyos ang paghihirap:**

2.1 **Ang paghihirap ay paraan para maging mapagpakumbaba tayo.** Pinapa-alala ng paghihirap ang ating pagkatao; wala tayong kontrol sa ating buhay. Kung bibitawan natin ang ating pagmamalaki, matututo tayong maging mapagpakumbaba.

2.2 **Ang paghihirap ay daan para umasa tayo sa Diyos**. Kung ang buhay natin ay magulo, sumasandal tayo sa Diyos at hinahayaan Niyang makita natin na Siya'y sapat na. Kung tayo ay may karamdaman, tandaan natin ang Exo.15:26 "Ako ang Diyos na nagpapagaling."

2.3. **Ang paghihirap at sakit ay nagpapa-alala sa atin na ang mundong ito ay di natin tahanan.**Tayo ay pansamantalang residente lamang o dayuhan sa mundo (Hebreo 13:14).

2.4. **Ang paghihirap ay isang tulong para maka-isa natin si Kristo.** Magalak kung tayo ay nakiki-isa sa paghihirap ni Kristo (1 Pd.4:1; Fil.3:8-19). May 2 krus na nagpapa-alala sa atin:

2.4.1 Krus kasama si Kristo-Ipinako Siya sa krus.
2.4.2 Krus na wala si Kristo-Siya ay nasa langit na kasama ang Diyos.

3**. Ang paghihirap ay pagsasanay para tayo'y maging matuwid.** Tiisin ninyo ang lahat bilang pagtutuwid ng isang ama, sapagkat kayo'y anak ng Diyos (Hebreo 12:7).

4. **Ang paghihirap ay nagbubunga ng pagtitiyaga.** Ang pagtitiyaga ay nagpapakita ng pagkatao, at ang pagkatao ay nagbubunga ng pag-asa (Roma 5:3).

5.**Ang paghihirap ay pagsubok ng ating pananampalataya**. "Ito'y dapat ninyong ikagalak, bagamat maaari magdanas muna kayo ng iba't ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon" (1Pt.1:6)

6. **Ang paghihirap ay tumutulong para maging *mature* at matiisin tayo. "**Tapat ang Diyos, at hindi niya ipahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya" (1Cor 10:13).

**Konklusyon:** Ang paghihirap at pagtitiis ay mga susi sa pagpapalago ng ating pananampalataya upang tayo ay makabahagi ng kabanalan ng Diyos (James 1:2-14). Ang paglilingkod at pag-sunod sa Diyos ang sekreto upang magkaroon ng buhay na ganap.

**Pagninilay:** 1) Ano ang dahilan ng paghihirap mo sa ngayon? Paano mo ito mapagtatagumpayan?
2. Kanino ka bumabaling para maging maginhawa?

Isinalin Ni: Sis. Thess P.Sarmiento
Inedit ni :Sis Nida Cruz
For more Teachings, visit our
https://lordsflock.org/teachings/Digest